Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, NOONG IKA-4 NG SETYEMBRE, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

*DUMALO:*

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ............... | PANG. PUNONG BAYAN |
| *Kgg. Florencio C. Odejar* | | Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | ............... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ............... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ............... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ............... | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ............... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ............... | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | ............... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ............... | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ............... | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 200-T2002*

*KAPASIYAHANG IDINEDEKLARABILANG SAVINGS ANG HALAGANG P12,841.00 MULA SA GUGULING KAPITAL NG TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN NA LUMABIS NA PONDONG GINAMIT PARA SA PAGBILI NG SASAKYANG PANSERBISYO (REVO) NG NABANGGIT NA TANGGAPAN.*

*SAPAGKA'T*, ang halagang P12,841.00 ay itinuturing na "savings" ng Tanggapan ng Sangguniang Bayan ayon sa pakikipagpanayam ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan sa Pambayang Pinuno sa Badyet sa nakaraang karaniwang pulong nito;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Angelito U. Limjuco at Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na ideklara bilang savings ang halagang P12,841.00 mula sa guguling kapital ng Tanggapan ng Sangguniang Bayan na lumabis na pondong ginamit sa pagbili ng sasakyang panserbisyo (Revo) ng nabanggit na tanggapan.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

ORIGINAL SIGNED
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

ORIGINAL SIGNED
KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

ORIGINAL SIGNED
KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan